



TAO *ang* TAGAPAMAHALA *sa* SANLIBUTAN

P. Paul Marquez, SSP

inalagaan ni Jesus ang mga apostol. Nang sila'y bumalik pagkatapos humayo at gumawa ng maraming mabubuting bagay, tinuruan sila ni Jesus na pumunta sa ilang para magpahinga. Noong una pa man, hindi lamang upang gawing ganap ang gawain ng Diyos ang totoong pakay ni Jesus sa pagtawag sa mga apostol. Una sa lahat, layon niyang makapiling ng mga apostol si Jesus. Kung patuloy man silang makapagpapagaling ng mga maysakit, o magtataboy ng mga masamang espiritu, dahilan ito ng kanilang ugnayan kay Jesus. Wala silang magagawa kung nakahiwalay sila sa kanya.

Napapagod ang katawan ng tao. Hindi tayo makina na maaaring magtrabaho nang walang hinto. Kahit ang makina ay nag-ooverheat at kailangan ding ipahinga. Kailangang igtatagapang natin ang ating katawan sapagkat nananahan sa katawan natin ang Espiritu ng Diyos. Mahalaga ang tao higit sa lahat.

Napapagod din ang ating isip. Nakaririndi ang ingay sa paligid. Sa pagtatapos ng mahabang araw at linggo ng

pagtatrabaho, kailangan din nating mapag-isa. Mahalagang muli tayong makaranas ng katahimikan. Paraan ito para balikan natin ang ating mga ginawa, at pagnilay-nilayan ang ating naging pakikitungo sa ating kapwa.

Ang Panginoong Diyos mismo ang nagtakda ng araw ng pamamahinga at ibinilang ito sa Sampung Utos sa Lumang Tipan. Pagkatapos likhain ng Diyos Ama ang tao, saka lamang siya ganap na nalugod at nasiyahan. Nagpasya siya na mamahinga sa ika-pitong araw. Tinutulungan tayo ng Diyos na makita kung paanong tayong mga tao ang pinaka-rurok ng sangnilikha. Higit tayong mahalaga sa pinakamahal na alahas o pinakamagarang sasakyan o ano pa mang materyal na bagay. Kung mayroon mang magagandang bagay tayong tinatamasa, biyaya mula sa Diyos ang lahat ng ito at nilikha para sa ating ikaunlad.

Sa ating pamamahinga tuwing Linggo, ipinapaalala ng Diyos na tayo ang tagapamahala ng sanlibutan,

at hindi kailanman magiging higit na matimbang ang ano mang materyal na bagay kung ihahambing sa buhay ng tao. Sa ebanghelyo, itinuturo ni Jesus na mayroon siyang malasakit sa kanyang mga apostol. Higit sa kanilang pagtatagumpay sa misyon, mas mahalaga pa rin ang kapakanan ng kanyang mga alagad.

Ginambala ng taumbayan ang maganda nilang plano na mapag-isa. Subalit, hindi nag-alboroto o nagalit si Jesus sa mga tao. Sa halip, kinuha ni Jesus ang pagkakataong iyon upang magturo sa mga apostol kung paano kumalinga sa kapwa. Mga tupang walang pastol ang tingin ni Jesus sa taumbayan. Sa halip na talikuran sila at iwan, matiyaga silang tinuruan ni Jesus ng maraming bagay. Hindi siya humarap sa mga tao para magbigay ng pampalubag-loob kundi buong sarili niya ang kanyang iniharap at itinuro sa kanila.

Nasaksihan ng mga apostol sa pamamagitan ng halimbawa ni Jesus kung paano lumingap sa mga tao. Bagama't totoong mahalaga ang panahon ng pananahimik at pamamahinga, nagdalang-habag si Jesus sa mga taong tila mga tupang walang nagpapastol. Kailangang handa rin ang tagasunod ni Jesus na kalimutan ang sarili niyang plano at huwag igiit ang kanyang sariling kapakanan. Hindi naka-kahon si Jesus sa iskedyul na nauna niyang ginawa. Ano mang oras ay maaari pa ring maging oras ng pagmamahal kung ilalana para sa mga nanganailangan.

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok

(Slm 54:4, 6)

(Basahin kung walang pambungad na awit.)

Sa akin ay tumutulong ang Diyos na Panginoon. Sa kanya ko iuukol ang alay ko na hahantong sa ngalan n'yang nagtatanggol.

Pagbati

(Gawin dito ang tanda ng krus.)

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumainyo rin.

Paunang Salita

(Maaaring gamitin ito o kahalintulad na pahayag.)

P—Si Hesus ang nag-iisang Anak ng Diyos Ama. Sapagkat lubhang maawain ang Diyos Ama, ganoon din ang pagka-maawain ng Mabuting Pastol na si HesuKristo.

Sapagkat tayo ri'y nilikha na kawangis ng Diyos, likas sa atin ang awa at malasakit sa kapwa. Ipanalangin nating mapagyabong pa natin ito.

Pagsisisi

P—Mga kapatid, tinipon tayo bilang kaanib ng angkan ng Diyos kaya dumulog tayo sa maawaing Panginoong nagpapatawad ng lubos. *(Tumahimik)*

P—Isinugong Tagapagligtas sa mga nagsisisi: Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

P—Dumating na Tagapag-anyaang mga makasalana'y magsisi: Kristo, kaawaan mo kami.

B—Kristo, kaawaan mo kami.

P—Nakaluklok ka sa kanan ng Diyos Ama para ipamagitan kami: Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen.

Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya.

Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Jesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O HesusKristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Pambungad na Panalangin

P—Maalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming makapangyarihan, kalugdan mo kami at pagbigyan na magkamit ng kaloob mong karagdagan upang sa maalab naming pananalig, pag-asa, at pag-ibig kami'y mamalaging tumatalima sa iyong kautusan sa pamamagitan ni HesusKristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B**—Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa (Jer 23:1-6) *(Umupo)*

Sa halip na ipagtaggol at busugin ang bayan ng Diyos, inabuso ng mga hari at ng mga pinunong relihiyoso ng Juda ang kapangyarihang ipinagkaloob sa kanila. Inilagay nila sa panganib ang mga tao. Nakialam ang Diyos at nangako ng kaligtasan para sa kanyang bayan.

Pagbasa mula sa aklat ni propeta Jeremias

PARURUSAHAN ng Panginoon ang mga namumunong walang malasakit sa kanilang mga nasa-sakupan at pinababayaang ang mga ito'y mangalat at mamatay. Ito ang sabi ng Panginoon,

ang Diyos ng Israel, tungkol sa mga tagapanguna ng kanyang bayan: "Pinapangalat ninyo at pinabayaan ang aking kawan. Hindi ninyo sila binantayan kaya't kayo'y parurusahan ko dahil sa inyong ginawang ito. Ako na ang magtitipon sa nalabi sa aking mga tupa mula sa lahat ng lupaing pinagtapunan ko sa kanila. Ibabalik ko sila sa kanilang tinubuang lupa, at sila'y muling darami. Hihirang ako ng mga pastol na magma-malasakit at mangangalaga sa kanila. Hindi na sila muli pang daranas ng takot at agam-agam, at wala nang maliligaw kahit isa. Akong Panginoon ang may sabi nito."

"Nalalapit na ang araw," sabi ng Panginoon, "na pasisibulin ko mula sa lahi ni David ang isang sangang matuwid, isang hari na buong karunungan maghahari. Paiiralin niya sa buong lupain ang batas at katarungan. Magiging matiwasay ang Juda sa panahon ng kanyang pamamahala, at ang Israel ay mapayapang mamuhay. Ito ang pangalang itatawag sa kanya: 'Ang Panginoon ay Matuwid.'"

—Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 22)

T—Pastol ko'y Panginoong D'yos, hindi ako magdarahop.

Marfori

Pas - tol ko'y Pa - ngi -
no - ong D'yos,
hin-di a-ko mag - da - ra - hop.

1. Panginoon'y aking Pastol, hindi ako magkukulang./ Ako'y pinahihimlay sa mainam na pastulan,/ at inaakay niya ako sa tahimik na batisan,/ binibigyan niya ako niyong bagong kalakasan. (T)

2. At sang-ayon sa pangako na kanyang binitawan/ sa ma-

tuwid na landasi'y doon ako inaakay./ Kahit na ang daang iyo'y tumatahak sa karimlan,/ hindi ako matatakok pagkat ika'y kaagapay;/ ang tungkod mo at pamalo ang gabay ko at sanggalang. (T)

3. Sa harapan ng lingkod mo, ikaw ay may handang dulang,/ ito'y iyong ginagawang nakikita ng kaaway;/ nalulugod ka sa akin na ulo ko ay langisan/ at pati na ang kalis ko ay iyong pinaaapaw. (T)

4. Tunay na ang pag-ibig mo at ang iyong kabutihan,/ sasaaki't tataglayin habang ako'y nabubuhay;/ doon ako sa templo mo lalagi at mananahan. (T)

Ikalawang Pagbasa (Ef 2:13-18)

Itinuturo ni Pablo si Jesus bilang ating Tagapamagitan sa Ama at sa isa't isa. Siya ang nagbuwag sa lahat ng balakid na naghihiwalay at naglalayo sa atin sa isa't isa.

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso

MGA KAPATID, ngayon, dahil sa inyong pakikipag-isa kay Kristo Jesus, kayong dating nasa malayo ay nailapit sa pamamagitan ng kanyang kamatayan. Pinagkasundo niya tayo. Kaming mga Judio at kayong mga Hentil ay kanyang pinag-isa. Sa pamamagitan ng kanyang katawan, pinawi niya ang alitan na parang pader na naghihiwalay sa atin. Pinawalang bisa niya ang Kautusang pawang mga utos at tuntunin upang pag-isahin sa kanya ang dalawang bayan at maghari ang kapayapaan. Sa pamamagitan ng kanyang kamatayan sa krus, winakasan niya ang alitan ng dalawang bayan, kapwa pinapanumbalik sa Diyos at pinagbuklod sa iisang katawan. Naparito si Kristo at ipinangaral sa lahat ang Mabuting Balita ng kapayapaan—sa inyong mga Hentil na malayo sa Diyos, at sa mga Judio na malapit sa kanya. Dahil kay Kristo, tayo'y kapwa makalalapit sa Ama sa pamamagitan ng Espiritu.

— Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

Aleluya (Jn 10:27) (Tumayo)

B—Aleluya! Aleluya! Ang tinig ko'y pakikilingan ng kabilang sa 'king kawan, ako'y kanilang susundan. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita (Mc 6:30-34)

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos
B—Papuri sa iyo, Panginoon.

NOONG panahong iyon, bumalik kay Jesus ang mga apostol at iniulat ang lahat ng kanilang naisagawa at naituro. Napakaraming taong dumarating at umaalis, anupat hindi na makuhang kumain ni Jesus at ng kanyang mga alagad. Kaya't sinabi niya sa mga ito, "Magtungo kayo sa isang ilang na pook upang malayo sa karamihan at makapagpahinga kayo ng kaunti." Umalis silang lulan ng bangka, at nagpunta nga sa isang ilang na dako.

Ngunit maraming nakakita sa kanilang pag-alis at nakilala sila. Kaya't mula sa lahat ng bayan, ang mga tao'y patakibong tumungo sa dakong pupuntahan nina Jesus at nauna pang dumating doon kaysa kanila. Paglunsad ni Jesus, nakita niya ang napakaraming tao; nahabag siya sa kanila sapagkat para silang mga tupang walang pastol. At sila'y tinuruan niya ng maraming bagay.

—Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Homiliya (Umupo)

Pagpapahayag ng Pananampalataya (Tumayo)

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat, nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing.

Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao, nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P - Sa pamamagitan ng kanyang Anak na si Hesus, namalas natin ang awa at malasakit ng Diyos kaya't buong pagtitiwala nating idalangin sa kanya:

T—Panginoon, kawaan mo kami't dinggin.

L—Pagpalain mo nawa at gawing mga tunay na pastol ng iyong kawan ang Santo Papa, mga obispo, kaparian, at mga lider-layko nang sa gayo'y patuloy silang mangalaga ng iyong bayang hinirang at mag-alay ng mga sarili tungo sa kaganapan ng iyong kaharian. Manalangin tayo: (T)

L—Tulungan mo, Diyos Ama, ang mga namumuno sa aming pamahalaan na sundan ang halimbawa ni Hesus na Mabuting Pastol: maawain, mapagkumbaba, at tapat sa sinumpaang tungkuling pangalagaan ang karapatan at dignidad ng kanilang mga pinaglilingkuran. Manalangin tayo: (T)

L—Tulutan mo nawang madama ng mga taong tigib ng kalungkutan at naliligaw ng landas ang pag-ibig mo sa pamamagitan ng pagkandili at pagtulong ng kanilang mga kapwa tao. Manalangin tayo: (T)

L—Gabayan mo sa kani-kanilang mga misyon ang mga relihiyoso at relihiyosa nang manatili silang tapat sa iyong kalooban, O Diyos Ama.

Nawa'y akayin at tipunin nila ang mga tupang nangalat mula sa iyong kawan. Manalangin tayo: (T)

L—Ipamalas mo, Diyos Ama, ang liwanag ng buhay na walang hanggan sa mga kapatid naming nahimlay, nang sa gayo'y manitiling buhay ang kanilang pag-asang sila'y muling mabubuhay. Manalangin tayo: (T)

P—Ama, dinggin mo ang mga panalangin ng iyong bayan. Punuin mo kami ng iyong kagandahang-loob at awa.

Hinihiling naming ito sa ngalan ni Kristong aming Panginoon.

B—Amen.



Paghahain ng Alay (Tumayo)

P—Manalangin kayo...

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, lahat ng iyong mga paghahaing ipinag-utos noong araw ay iyong pinagtibay sa isang haing hantungan ng tanan. Tanggapin ang ginaganap ngayon ng iyong mga lingkod at basbasan mo ito ng kabanalang gaya ng iyong kaloob sa mga alay ni Abel na lubha mong ikinalugod upang ang mga handog ng bawat isang nagbigay para sambahin ang banal mong ngalan ay magkamit ng karagdagan mong kasiyahan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B**—Amen.

Prepasyo

(Karaniwang Panahon II)

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

P—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B—Itinaas na namin sa Panginoon.

P—Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.

B—Marapat na siya ay pasalamatan.

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Lubhang nabagbag ang kanyang loob sa pagkakamali ng tao sa sansinukob, kaya't minabuti niyang siya'y ipanganak ng Birheng bukod mong pinagpala sa babaing lahat. Sa labi ng imbing kamatayan kami ay inagaw ng namatay mong Anak. Sa pagkabuhay niya, kami'y kanyang binuhay upang kaugnayan namin sa iyo'y huwag magwakas.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga Hukbo napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo Osana sa kaitaasan. Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon Osana sa kaitaasan! (Lumuhod)

Pagbubunyi (Tumayo)

B—Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay. Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

PAKIKINABANG

Ama Namin

B—Ama namin...

P—Hinihiling naming...

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinaabang

(Lumuhod)

P—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang

mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Komunyon

(Slm 111: 4–5)

Ngayon ay ginugunita Poo'y mahabaging lubha. Sumasamba'y sasagana sa pagkain niyang handa sa magsabing s'ya'y dakila.

Panalangin Pagkapakinabang (Tumayo)

P—Ama naming mapagmahal, manatili kang kapiling ng iyong sambayanan na ngayo'y pinapakinabang mo sa iyong sariling buhay at gawin mong kami'y pasulong na makahakbang mula sa dati naming pagkamakasalanan patungo sa pagbabagong nagdudulot ng iyong kabutihan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

Pagbabasbas

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

P—Magsiyuko kayo samantalang iginagawad ang pagbabasbas. (Tumahimik)

Ama naming mapagpala, nililingap mo ang iyong bayan kahit may mga kaanib na lumilihis ng landas. Ipagkaloob mo ang pasyang magbagong-buhay sa tanan upang ang lahat ay maging lalong matapat sa pagsunod sa iyong kalooban sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

P—Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.

B—Amen.

Pangwakas

P—Humayo kayong taglay ang kapayapaan upang ang Panginoon ay mahalina paglingkuran.

B—Salamat sa Diyos.